# Ang Underused Housing Tax (UHT):

## Ano ba ito?

### Ang UHT ay bagong buwis pederal sa Canada:

- Isa itong taunang 1% na buwis sa pag-aari ng bakante o hindi ginagamit na pabahay sa Canada.
- Ang sinumang maghahain ng UHT return ay dapat ding magbayad ng buwis maliban kung kwalipikado sila para sa exemption.

### Sino ba ang apektadong may-ari?

Ang mga apektadong may-ari ay ang mga may-ari ang residential na ari-arian na kailangang maghain ng UHT return at magbayad ng buwis. Gayunpaman, kahit na kailangan mong maghain, maaari kang ma-exempt sa pagbabayad. Upang malaman kung isa kang apektadong may-ari bumisita sa canada.ca/cra-uht.

### Kailan maghahain ng return at magbabayad ng buwis

Ang due date ng paghahain ng UHT return, paggawa ng pagpapasya, at pagbabayad ng anumang halaga na dapat mong bayaran ay sa ika-30 ng Abril para sa mga ari-arian na iyong pagaari noong ika-31 ng Disyembre ng nakaraang calendar year.

### Paano maghain ng return

Maaari kang maghain ng iyong UHT return nang:

- paelektroniko
- sa liham
- sa fax

Maghain nang paelektroniko o gumamit ng form UHT-2900, Underused Housing Tax Return and Election Form upang maghain sa pamamagitan ng liham o fax.

### Paano bayaran ang buwis

Kailangan magbayad ng mga apektadong may-ari ng anumang halaga na dapat bayaran sa Canadian dolyar sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na paraan:

- **Online sa pamamagitan ng Canadian bank account gamit ang My Payment**
- **Sa pamamagitan ng wire transfer o internationally issued credit card**
- **Sa pamamagitan ng tseke**

Upang mas malaman pa ang tungkol sa Underused Housing Tax, bumisita sa:
**canada.ca/cra-uht**

Canada Revenue Agency
Agence du revenu du Canada
Canada